MGA PRINSIPYO NG

KOMUNIKASYON

MGA SAGOT SA PAGSUSULIT



shepherds
GLOBAL CLASSROOM

MGA PRINSIPYO NG KOMUNIKASYON

MGA SAGOT SA PAGSUSULIT

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Aralin 1
Isang Teolohiya ng Komunikasyon

(1) Ano-ano ang tatlong pangunahing anyo ng komunikasyon para sa mga tagapangunang Kristiyano?

- Pangangaral
- Pagtuturo
- Pagsusulat

(2) Kanino nakikipagkomunikasyon ang Diyos Ama ?

- Ibang mga Persona ng Trinidad
- Mga Espirituwal na Nilalang
- Mga Tao

(3) Maglista ng apat na pag-abuso sa komunikasyon na ipinagbabawal ng Diyos.

- Pagsisinungaling
- Paninirang-puri
- Paglapastangan sa Diyos
- Panunumpa at pag-abuso

(4) Ano ang pangunahing pamamaraan na pinili ng Diyos upang ipalaganap ang mabuting balita ni Jesukristo?

Komunikasyon na Pasalita

Aralin 2
Mga Prinsipyo ng Komunikasyon

(1) Ano-ano ang tatlong bahagi ng komunikasyon?

- Ang nagsasalita
- Ang mensahe
- Ang tumatanggap ng mensahe

(2) Tukuyin ang dalawang dahilan kung bakit ang isang mensahe ay hindi matagumpay na naipaparating.

- Maaaring Hindi Malinaw ang Pagkokomunikasyon ng Nagsasalita
- Maaaring Hindi Nauunawaan ng Tumatanggap ang Mensahe

(3) Ano ang pinakamalapit at karaniwang pinakamatagumpay na anyo ng komunikasyon?

Isa-sa-Isa na Pasalitang Komunikasyon

(4) Ano ang pinakamahirap na anyo ng pasalitang komunikasyon para sa pinakamaraming tao?

Pagsasalita sa harap ng publiko

(5) Ilista ang tatlo sa limang katangian ng nakasulat na komunikasyon na tinalakay sa araling ito, at ipaliwanag kung paano ito naiiba sa pasalitang komunikasyon. (Kahit aling tatlo)

- Ang nakasulat na komunikasyon ay karaniwang mas maikli kaysa komunikasyong pasalita
- Ang komunikasyong nakasulat ay madalas na mas diretso sa punto kaysa sa pasalitang komunikasyon
- Ang nakasulat na komunkasyon ay nagiging mas pormal kaysa sa komunikasyong pasalita
- Ang nakasulat na komunikasyon ay karaniwang mayroong mas matinding epekto kaysa sa pasalitang komunikasyon
- Mas nagtatagal ang nakasulat na komunikasyon kaysa sa pasalitang komunikasyon

(6) Ilista ang tatlo sa limang salik/factor na nakakaimpluwensiya sa tagumpay ng ating komunikasyon. (Kahit aling tatlo)

- Ang mensahe
- Ang paghahanda
- Ang kapaligiran
- Ang mga kaganapan
- Ang tagapakinig

(7) Ilista ang tatlo sa limang hadlang sa komunikasyon. (Kahit aling tatlo)

- Takot sa Pagsasalita sa Publiko
- Kakulangan sa sapat na paghahanda
- Kabiguang maging sensitibo sa tagapakinig
- Kabiguang makabuo ng sentrong tema
- Kabiguang magbigay na mahusay na ilustrasyon

(8) Ilista ang tatlong bagay sa sampung iminungkahi upang mapanatili ang atensiyon ng mga tagapakinig. (Kahit aling tatlo)

- Pagkagulat
- Pagkilos o Aktibidad
- Pagiging Malapit
- Mga Bagay Nakikita
- Pagiging Pamilyar
- Salungatan
- Kapanabikan
- Tindi
- Katatawanan
- Kaugnayan sa pang-araw-araw ng buhay

Aralin 3
Pasimula sa Pangangaral

(1) Paano nagkakaiba ang pagtuturo at ang pangangaral?

- Ang pagtuturo ay nakatuon pangunahin sa isipan
- Ang pangangaral ay nakatuon pangunahin sa kalooban

(2) Ano ang layunin ng isang ebanghelikongpangangaral?

Upang hikayatin ang tagapakinig na magpasya na tanggapin si Cristo Jesus bilang Tagapagligtas.

(3) Ano ang layunin ng pastoralng pangangaral?

Ang itatag at palakasin ang mga mananampalataya.

(4) Bumanggit ng dalawang panganib kaugnay ng sermon na ayon sa paksa.

- Maling paggamit ng Kasulatan
- Nagiging hindi balanse sa pangangaral

(5) Saan nakabatay ang textual na sermon?

Isang teksto o talata mula sa Biblia.

(6) Ano ang biograpikong sermon?

Ang isang biograpikong pangangaral ay batay sa isang tauhan sa Biblia.

(7) Ano ang layunin ng expositoryong pangangaral?

Sa gawing malinaw ang Kasulatan, upang maunawaan ng mgatao kung ano ang binabasa.

Aralin 4
Ang Mga Mekanika ng Pangangaral

(1) Maglista ng apatsamga bagay na maaari mong isulat pagkatapos magpasya kung ano ang talata o paksa ng iyong pangangaral. (Alinmang apat).

- Mga tanong,
- mga kaugnay na bahagi sa Biblia
- Obserbasyon
- Mga sipi
- Mga pagsasabuhay
- Mga ilustrasyon
- Mga kuwento

(2) Ano ang tema ng isang pangangaral?

Isang-pangungusap na buod ng nais mong sabihin sa sermon

(3) Ano ang pagkakamali sa sumusunod na balangkas ng sermon? (Piliin ang tamang sagot.)

- Hindi lahat ng mga puntos ay nakaugnay sa tema.
- Ang balangkas ay hindi binubuo ng magkakaagapay na kaisipan.
- Ang mga puntos ay hindi lahat nakaugnay sa tema at hindi rin magkakaagapay/parallel sa isa't-isa.
- Walang pagkakamali sa balangkas.

BALANGKAS NG SERMON
Ang tema: Purihin ang Panginoon. Balangkas: A. Pinupuri natin ang Diyos dahil sa kung sino Siya B. Pinupuri natin ang Diyos dahil sa ginawa Niya C. Dapat nating mahalin ang ating Kapwa

(4) Maglista ang tatlong benepisyo ng pagsusulat ng malinaw na balangkas para sa iyong sermon.

- Ang pagbabalangkas ay nagbibigay ng istruktura sa iyong sermon.
- Ang pagbabalangkas ay nagpapanatili ng iyong pagtuon ng iyong pansin sa pangunahing tema.
- Ang pagbabalangkas ay tumutulong upang maunawaan at matandaan ng tagapakinig ang sermon.

(5) Tama ba ito o Mali: Sa isang mas pinalawak na balangkas, pinalalawak mo ang bawat punto upang maging buo ang mga pangungusap.

Tama

(6) Kung ang isang sermon ay maihahambing sa isang bahay, ano ang mabubuting paglalarawan?

Mga bintana na nagpapapasok ng liwanag

(7) Maglista ng tatlo sa limang mabubuting dahilan sa paggamit ng mga kuwento sa isang sermon.

(Alinmang tatlo)

- Lumilikha ng interes ang mga kuwento.
- Nagpapabuti sa pag-unawa ang mga kuwento.
- Tumutulong ang mga kuwento sa aplikasyon.
- Pinatataas ng mga kuwento ang ating memorya.
- Ang mga kuwento ay likas na pamamaraan sa pagtuturo.

(8) Maglista ng tatlo sa limang kapakinabangan sa pagsulat ng iyong buong sermon.

(Alinmang tatlo)

- Nakakatulong sa pagpapanatili ng atensiyon ang Pagsusulat.
- Nakakatulong ang pagsusulat upang makita mo ang katotohanan na maaaring hindi mo makita kung hindi nakasulat.
- Nakakatulong ang Pagsusulat upang ayusin ang iyong mga kaisipan.
- Ang pagsusulat ang nag-iingat ng permanenteng talaan ng mga itinuturo ng Diyos sa iyo.
- Ang pagsusulat ay nagbibigay sa iyo ng kapaki-pakinabang na gamit upang makatulong sa ibang tao.

Aralin 6
Nakasulat na Komunikasyon

(1) Maglista ng tatlo sa maraming bagay na ipinasulat ng Diyos sa kanyang mga lingkod.

Kahit aling tatlo

- Ang batas na siyang mamamahala sa Israel
- Ang mga Salita ng Diyos sa mga hamba ng pinto at sa mga pintuan ng mga tahanan
- Mga Awit
- Mga Salita Para sa Bayan ng Diyos
- Isang aklat ng mga propesiya
- Ang paglalarawan sa Templo
- Mga Pahayag mula sa Diyos
- Mga Mensahe para sa mga Iglesya
- Mga kasulatan

(2) Maglista ng tatlong paraan kung saan ipinapakita ni Jeremias ang kahalagahan ng pagsusulat.

- Nakakarating ang ating mga isinusulat sa mga lugar na hindi natin mapupuntahan.
- Makapagsasalita ang ating mga isinusulat sa paraang hindi tayo makapagsasalita.
- Makapagsasalita pa rin ang ating mga isinusulat kahit sa panahong wala na tayo.

(3) Maglista ng tatlo sa apat na dahilan kung paanong ang pagsusulat ay mahalaga para sa mga tagapangunang Kristiyano.

Kahit aling tatlo

- Mas mapapabuti ng iyong isinusulat ang iyong pag-iisip nang higit kaysa sa iyong binabasa.
- Ang iyong isinusulat ay mas malinaw na maihahayag kaysa sa iyong sinasabi.
- Ang iyong isinusulat ay mas madaling maiintindihan kaysa sa iyong sinasabi.
- Ang iyong isinusulat ay maaalala nang mas matagal kaysa sa iyong sinasabi.

(4) Maglista ng tatlo sa limang mungkahi para sa mas mabuting pagsusulat.

Kahit aling tatlo

- Magsulat hangga’t maaari.
- Hangga’t maaari sumulat ng simple lang.
- Itama ang iyong isinulat.
- Magpatama sa ibang tao ng iyong isinulat.
- Maging makatotohanan tungkol sa iyong pagsusulat.

Aralin 7
Pagtuturo

(1) Ano ang pagtuturo?

Ang pagtuturo ang aktibong pagsasalin ng impormasyo at kaugalian mula sa isang tao patungo sa iba.

(2) Ano ang dalawang pinakamahalagang tungkulin ng isang tagapagturo?

- Maipabatid ang katotohanan sa iba
- Turuan ang iba kung paano matututo

(3) Maglista ng tatlo sa pitong katangian ng isang mabuting tagapagturo.

Alinmang tatlo

- Katiyagaan
- Kaalaman
- Pagbabago
- Pagpapatawa
- Pagiging Sensitibo
- Pagtitiyaga
- Balanse

(4) Banggitin ang apat na paraan na nakakatulong ang pagpapatawa sa pagtuturo.

- Muling ibinabalik ng pagpapatawa ang atensiyon ng mga mag-aaral.
- Narerelaks ng pagpapatawa ang kapaligiran ng silid-aralan.
- Ang pagpapatawa ay naghahayag ng katotohanan mula sa ibang pananaw.
- Pinagagaan ng pagpapatawa ang pagtutuwid.

(5) Maglista ng tatlo sa apat na pares ng mga bagay na dapat balansehin ng mga tagapagturong Kristiyano. (Alinmang tatlo)

- Ang paghahanda at pagkukusangloob/spontaneity
- Pagiging eksperto at pagiging mag-aaral
- Trabaho at pahinga
- Ang teoriya at ang pagsasabuhay

(6) Ilista ang tatlo sa sampung pamamaraan ng pagtuturo ni Jesus na binanggit sa araling ito.

Kahit aling tatlo

- Mga Lektura
- Mga Tanong
- Mga Talakayan
- Pagdedebate
- Mga kwento
- Mga Pakay-Aralin/Object lessons
- Mga Kawikaan
- Drama
- Mga Pagbubuod
- Mga Halimbawa

(7) Bakit hinihingi ng mabuting tagapagturo sa kanyang mag-aaral na ibuod ang kanilang pagtuturo?

Ang pagbibigay-buod ng isang mag-aaral ay naghahayag kung gaano kabuti niya nauunawaan ang leksiyon.

(8) Maglista ng tatlong gawain na dapat mong iwasan bilang isang tagapagturo.

- Paggambala sa mga mag-aaral dahil sa iyong Mga Ugali sa Pagsasalita
- Huwag mong ipapahiya ang iyong mga mag-aaral
- Pagtanggi na Aminin ang Hindi Ninyo Nalalaman

Aralin 8
Mga Relasyong Pantao

(1) Ano ang relasyong pantao?

Ang mga pakikipag-ugnayan sa tao ay ang sining ng pagtatrabaho kasama ng ibang tao upang matupad ang isang gawain.

(2) Ilista ang tatlo sa mga pagkakamali ni Rehoboam sa relasyong pantao.

- Hindi niya binigyang pansin ang mabuting payo ng matatalinong tao.
- Hindi niya binigyang pansin ang pakiramdam at emosyon ng ibang tao.
- Hindi niya binigyang pansin ang epekto sa ibang tao ng kanyang mga ginagawa.

(3) Ilista ang 3 sa 5 prinsipyo ng mabuting relasyong pantao na matatagpuan sa Roma 14.

Ang mabuting pakikipagrelasyon at nangangailangan ng: (Kahit aling tatlo)

- Paglalagay sa iba sa iyong unahan.
- Pagtutuon ng pansin sa mga perception.
- Pagtalikod sa iyong sariling personal na mga karapatan.
- Pagiging sensitibo sa damdamin ng iba.
- Hindi mo hahayaan ang maliliit na mga bagay na makalikha ng mga suliranin.

(4) Ano ang dahilan na sumang-ayon si Pablo na isuko ang personal na kagustuhan?

Upang maisulong ang gawain ng Diyos

(5) Maglista ng apat sa walong praktikal na mungkahi para sa relasyong pantao na ibinigay sa araling ito.

Alinmang apat

- Magsimula ka sa itaas.
- Umayon ka sa takbo ng agos.
- Isama mo ang bawat isa sa iyo.
- Kilalanin ang ibang tao.
- Maghanda ng mga kasulatang may propesyonal na kalidad.
- Kilalanin na ang mabubuting mga relasyon ay kasinghalaga ng mabubuting mga kaisipan.
- Maging handang matuto.
- Maging tapat.

(6) Maglista ng limang pagkakamali sa relasyon sa mga tao na dapat iwasan.

- Huwag magsentro sa sarili.
- Huwag mong saktan ang ibang ministeryo.
- Huwag ninyong di-pansinin ang wastong panuntunan.
- Huwag mong madaliin ang mga bagay.
- Huwag ninyong ikompromiso ang prinsipyo.

Aralin 9
Komunikasyon sa Magkaibang Kultura

(1) Bakit kinakailangan ang komunikasyon sa magkakaibang kultura para sa mga mananampalataya?

Dahil kung wala ito hindi natin natutupad ang Dakilang Paghayo.

(2) Maglista ng limang praktikal na pagsasa-alang-alangpara sa komunikasyon sa magkakaibang kultura na natutuhan mula sa araling ito.

- Makinig Bago Magsalita
- Maging Maingat sa Pagpapatawa
- Magkuwento
- Maging Sensitibo sa Kultura
- Maging Mapagmahal at Magalang sa Iba

(3) Bakit mahirap gamitin ang pagpapatawa sa komunikasyon sa magkakaibang kultura?

Dahil ang pagpapatawa ay ayon sa kaangkupan nito sa kultura.

(4) Aling mga panuntunan ni Hesus ang nagbibigay sa atin ng pinakamahalagang payo para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura?

- "Ibigin ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."
- "Kaya, anumang bagay na ibig niyong gawin sa inyo ng mga tao, gayun ang gawin ninyo sa kanila…"

(5) Ano ang limang sangkap na kinakailangan para sa epektibong paglilingkod at komunikasyon sa magkakaibang kultura?

- Pag-unawa
- Pagkatuto
- Pagtitiwala
- Pagtanggap
- Pagiging bukas

(6) Maglista ng tatlong praktikal na hakbang upang maging mas mabuting tagapakinig.

- Alisin ang mga nakakaabala sa atensiyon.
- Ipakita mo na ikaw ay nakikinig.
- Gumawa ng talaan.

Aralin 10
Pangangaral na Binasbasan ng Espiritu

(1) Bumanggit ng dalawang paraan na ihahanda ng tagapangaral ang kanyang sarili para sa epektibong ministeryo.

- Pribadong Pananalangin
- Personal na Integridad

(2) Ano ang sinabi ni Pablo kay Timoteo na dapat niyang ipaglaban?

Pananampalataya

(3) Sa anong dalawang paraan inihahanda ng Banal na Espiritu ang isang mangangaral?

- Ang Banal na Espiritu ang Nagbibigay ng Liwanag sa Isipan ng Mangangaral
- Ang Banal na Espiritu ay Nagbibigay ng Kapangyarihansa Mensahe ng Mangangaral

(4) Ipaliwanag ang kaliwanagan.

Ang Kaliwanagan ay ang pagbubukas ng Banal na Espiritu sa ating pag-unawa.

(5) Ano ang susi sa pagiging epektibo sa ministeryo na inihalimbawa ni Jesus?

Ang paghirang ng Banal na Espiritu.

(6) Ayon kay E.M. Bounds, ano ang presyo ng paghirang sa pangangaral?

“Panalangin, maraming panalangin"

Nakasentro kay Cristo. Pagsasanay. Sa lahat ng Lugar.

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

SHEPHERDSGLOBAL.ORG